Republic of the Philippines

**Department of Education**

**REGION XI**

**SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY**

**OFFICE OF THE SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT**

**Pansangay na Pagpapayo Blg. 095 s. 2022**
Hunyo 8, 2022

# PAANYAYA PARA SA PAGSUMITE NG PAPEL-PANANALIKSIK PARA SA PAMBANSANG KONGRESO SA MGA NANGANGANIB NA WIKA

**Para sa mga:** Tagamasid Pampurok
Mga Punong-guro

---

1. Alinsunod sa Paanyaya mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), inaayayahan ang lahat na magpasa ng mga papel-pananaliksik para sa Pambansang Kongreso sa Nanganganib na Wika.

2. Layunin ng Kongreso na:

   a.) matalakay ang mga pananaliksik, programa, at mga gawain para sa pagpapasigla ng mga katutubong wika at iba pang isyu na nakaaapekto sa panganganib ng wika;
   b.) mahikayat ang mga katutubong mamamayan at komunidad na makibahagi sa mga saliksik at pagdodokumento ng sariling wika at kultura, at makilahok sa mga programa sa pagpapaunla ng katutubong wika, at
   c.) mahikayat ang mga mananaliksik at pamahalaan na sumuporta sa mga gawain kaugnay ng pagpapaunlad at pagpapasigla ng wika.

3. Ang huling araw ng pagpapasa ng abstrak ay sa 30 HUNYO 2022.

4. Ang mga detalye sa nasabing patimpalak ay makikita sa kalakip na dokumento.

5. Hiniling ang malawakang pagpapalaganap ng pahayag na ito sa mga kinauukulan.

**CRISTY C. EPE**
Tagapamanihalang Pansangay

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED
22-85982
DATE: JUN 09 2022 TIME: 11:06am
BY:

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RECEIVED 85982
JUN 06 2022 TIME: 2:13pm
BY:

# PANAWAGAN SA PAPEL-PANANALIKSIK

## PAMBANSANG KONGRESO SA NANGANGANIB NA WIKA

## 24-26 OKTUBRE 2022

Mga papel-pananaliksik na maaaring nakatuon sa:

- Patakarang Pang-edukasyon
- Programang Pangwika
- Pagpaplanong Pangwika
- Indigenous Peoples Education (IPEd)
- Partnership ng pamahalaan/organisasyon at/o komunidad sa Edukasyon
- Pagpapasigla ng Wika
- Pagdodokumento ng Wika at Kultura
- Pagmamapa ng mga Wika
- Intangible Cultural Heritage (ICH)
- Pagbuo ng Ortograpiya
- Pagbuo ng Diksiyonaryo
- Pag-aaral sa Gramatika
- Pagbuo ng mga Kagamitang Pampagtuturo
- Paglikha ng Computer at/o Mobile Applications/Programs
- Mother Tongue Based-Multilingual Education

30 Hunyo 2022 ang huling araw ng pagsusumite.
Ipadadala ang panukala sa email na pambansangkongreso2022@gmail.com.

**PANAWAGAN SA PAGSUSUMITE NG PAPEL-PANANALIKSIK PARA SA PAMBANSANG KONGRESO SA MGA NANGANGANIB NA WIKA**

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng Pambansang Kongreso sa mga Nanganganib na Wika sa 24–26 Oktubre 2022 bilang pagtupad sa mandato nitong pangalaan ang mga katutubong wika ng bansa at tugon sa Pandaigdigang Dekada ng mga Katutubong Wika 2022-2032 (International Decade of Indigenous Languages 2022-2032).

Layunin ng Kongreso na:

1. matalakay ang mga pananaliksik, programa, at mga gawain para sa pagpapasigla ng mga katutubong wika at iba pang Isyu na nakaaapekto sa panganganib ng wika;

2. mahikayat ang mga katutubong mamamayan at komunidad na makibahagi sa mga saliksik at pagdodokumento ng sariling wika at kultura, at makilahok sa mga programa sa pagpapaunlad ng katutubong wika; at

3. mahikayat ang mga mananaliksik at pamahalaan na sumuporta sa mga gawain kaugnay ng pagpapaunlad at pagpapasigla ng wika.

Inaanyayahan ang publiko na magsumite ng mga papel-pananaliksik na tumatalakay sa sumusunod at kaugnay na paksa:

· Patakarang Pang-edukasyon
· Programang Pangwika
· Pagpaplanong Pangwika
· Indigenous Peoples Education (IPEd)
· Partnership ng pamahalaan/organisasyon at/o komunidad sa Edukasyon
· Pagpapasigla ng Wika
· Pagdodokumento ng Wika at Kultura
· Pagmamapa ng mga Wika
· Intangible Cultural Heritage (ICH)
· Pagbuo ng Ortograpiya
· Pagbuo ng Diksiyonaryo
· Pag-aaral sa Gramatika
· Pagbuo ng mga Kagamitang Pampagtuturo
· Paglikha ng Computer at/o Mobile Applications/Programs
· Mother Tongue Based-Multilingual Education

Tuntunin sa Pagsusumite:

1. Magsumite ng abstrak na naglalaman ng sumusunod:

· Pangalan ng mananaliksik
· Email ng mananaliksik
· Numero ng Mobile at/o Landline ng mananaliksik
· Institusyon na Kinabibilangan
· Katungkulan sa Institusyon
· Adres ng Institusyon
· Paksa
· Pamagat ng Abstrak
· Teksto ng Abstrak:
· Bionote ng mananaliksik

2. Ang abstrak ay hindi lalagpas sa 300 salita.

3. Format para sa isusumiteng artikulo:

· Naka-Word file sa A4-sized bond paper
· 1 inch margin sa lahat ng gilid
· double space
· Times New Roman, 12 font size

4. Ang dokumentasyon ay nakaayon sa format ng KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat.

5. Ang abstrak ay nasa wikang Filipino. Ito rin ang gagamiting wika sa presentasyon. Dapat ay orihinal na akda at hindi pa naisusumite sa iba upang ilathala o ipresenta.

6. Ipadala ang abstrak sa pambansangkongreso2022@gmail.com.

7. Sa 30 Hunyo 2022 ang huling araw ng pagsusumite ng abstrak.

Para sa mga tanong at karagdagang detalye, mag-email sa pambansangkongreso2022@gmail.com .